Pangatnig

- mga salitang pang-ugnay sa mga salita o pariralang nasa pangungusap.

7 Gamit ng Pangatnig

1. at / saka / pati
   - ginagamit na pang-ugnay sa mga salita o parirala ng magkaugnay
   - ex. Lalangoy kami sa sapa at kakain ng masarap na adobo.
2. ngunit / subalit / pero
   - ginagamit na pang-ugnay sa mga salita na magkakontra o magkasalungat
   - ex. Masarap ang kendi pero hindi masustansya.
3. dahil / sapagkat / kasi
   - nagsasabi ng dahilan
   - ginagamit na pagsagot sa tanong na bakit

   ex. Sira ang ngipin ko dahil mahilig akong kumain ng kendi.
4. para / upang
   - ginagamit na pang-ugnay ng bunga o kalalabasan ng isang kilos o gawain
   - ex. Huwag kang kumain ng kendi upang huwag sumakit ang ngipin mo.
5. kaya
   - ginagamit upang linawin ang nasabi na (kung gayon)
   - ex. Hindi na ako kumakain ng kendi kaya hindi na sumasakit ang ngipin ko.
6. kung / kapag / pag
   - ginagamit sa mga kaisipang pasubali o di sigurado
   - ex. Kapag tinuloy ko pa ang pagkain ng marami, ano kaya ang mangyayari?
7. habang
   - nag-uugnay ng 2 kilos o pangyayaring naganap sa magkasabay na panahon
   - ex. Kumakain ako ng sorbetes habang nag-aantay sa aking nanay.

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.